4. NAGANAP DIN SA MGA DATING ALAGAD NI JUAN BAUTISTA SA EFESO SA PAMAMAGITAN NI APOSTOL PABLO:

> "At nang kanilang marinig ito, ay nangagpabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Hesus. At nang maipatong na ni Pablo ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula. Mga Gawa 19:5-6

Maliwanag pong itinuturo sa atin ng Salita ng Diyos na ang kapanganakan sa TUBIG at sa ESPIRITU ay walang iba kundi ang BAUTISMO SA TUBIG SA PANGALAN NI HESU- siyang kaganapan ng utos sa Mateo ang bautismo sa ESPIRITU SANTO na ng mga wika sang-ayon sa ipina ESPIRITUNG SALITAIN. Ito ang tunay nakan muli na naranasan ng mga unang IGLESIA NG ATING PANGINO KRISTO na siya ring IGLESIA NG DIYOS na nagpasimula doon sa JERUSALEM noong araw ng Pentecostes, 30-33 A.D.

Para po sa karagdagang pag-aaral sa Biblia ay malugod po namin kayong inaanyayahan na dumalaw o lumiham sa nakatakdang direksiyon:

http://www.sayadi-al-nas.com

# ANG TUNAY NA KAPANGANAKAN - MULI

ANO PO BA ANG IBIG SABIHIN NG TUNAY NA KAPANGANAKAN MULI?

ng ating Panginoong Hesu-kristo sa ang ganito:
otohanang, katotohanang sinasabi sa iyo, na maliban na ang isang tao ipanganak na muli, ay hindi niya kita ang kaharian ng Diyos."

> "Katotohanang, katotohanang sinasabi ko sa iyo, na maliban na ang isang tao ay ipanganak sa tubig at sa Espiritu, ay hindi siya makapasok sa kaharian ng Diyos."

Maliwanag po sa sinabi ng ating Panginoong Hesus na maliban na ang isang tao ay ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos at malibang ipanganak siya sa tubig at sa Espiritu ay hindi siya makapasok sa kaharian ng Diyos.



Ang kaganapan po ng mga utos na ito ng ating Panginoong Hesu-kristo ay mababasa natin sa aklat ng Mga Gawa ng Apostol.

1. UNANG NAGANAP SA MGA HUDIO NA NASA JERUSALEM NOONG ARAW NG PENTECOSTES SA PANGUNGUNA NI APOSTOL PEDRO:

"At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Hesu-kristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo."

"Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismohan: at nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa."
Gawa 2:38,41

2. NAGANAP DIN SA MGA TAGA SAMARIA SA PAMAMAGITAN NG EBANGHELISTANG SI FELIPE AT SINA APOSTOL PEDRO AT JUAN:

"Datapuwa't nang magsipaniwala kay Felipe na nangangaral ng mabuting balita tungkol sa kaharian ng Diyos at sa pangalan ni Hesu-kristo, ay nangabautismohan ang mga lalake't mga babae."

"Sapagkat ito'y hindi pa bumababa sa kanino man sa kanila: kundi sila'y nangabautismohan lamang sa pangalan ng Panginoong Hesus."

"Nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang kanilang mga kamay at kanilang tinanggap ang Espiritu Santo." Mga Gawa 12:16,17

3. NAGANAP DIN SA MGA HENTIL SA PAMAMAGITAN DIN NI APOSTOL PEDRO:

"Mangyari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismohan itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin?

"At inutusan niya sila na magpabautismo sa pangalan ni Hesu-kristo, Nang magkagayo'y kanilang ipinamanhik sa kaniya na matirang mga ilang araw."
Mga Gawa 10:47-48